The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 6, May 2026, pp. 349-359
https://doi.org/10.5281/zenodo.20458260

The International Review of Multidisciplinary Research
Advancing knowledge through quality research

# Tunggalian at Hidwaan sa mga Epiko: Isang Kritikal na Pagsusuri

**Jezil Faith A. Fernandez**
Tangub City Global College
fernandezjezilfaitha@gmail.com

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 26 Abril 2026
Binago: 2 Mayo 2026
Tinanggap: 10 Mayo 2026
Nailathala: 30 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
fernandezjezilfaitha@gmail.com

**Inirerekomendang Sipi:**

Fernandez, J. F. A. (2026). Tunggalian at Hidwaan sa mga Epiko: Isang Kritikal na Pagsusuri. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (6), 349-359.
https://doi.org/10.5281/zenodo.20458260

**Mga Terminong Indeks:**

tunggalian, hidwaan, uring panlipunan, epiko, pagkakaisa

**Abstrak.** Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga uring panlipunan, tunggalian, at inilalarawan din ang hidwaan sa mga epiko ng Pilipinas, pati na rin ang kahalagahan ng mga ito sa pag-unawa sa lipunan, kultura, at mga pagpapahalaga mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong pagsusuri sa orihinal na mga teksto mula sa piling sampung epiko tulad ng Ibalon, Biag ni Lam-ang, Bantugan, Bidasari, Hudhud, Humadapnon, Indarapatra at Sulayman, Labaw Donggon, Maragtas, at Tuwaang upang matukoy ang uring panlipunan, anyo ng tunggalian, at pagsusuri sa mga hidwaan na makikita sa mga epiko. Natuklasan na ang lipunan sa mga epiko ay binubuo ng mga pinuno, mandirigma, karaniwang mamamayan, at mga kapangyarihang nilalang na may mahahalagang papel sa pagpapanatili ng kaayusan. Ipinakita ng mga tunggalian ang mga isyung panlipunan gaya ng hindi pagkakapantay-pantay, pang-aapi, at alitan sa pagitan ng mga uring panlipunan, kung saan ang pag-ahon ay nakakamit sa pamamagitan ng katapangan, pagkakaisa, at sakripisyo. Ang mga hidwaan ay naglalarawan ng mga laban sa pagitan ng mga tauhan laban sa panlabas at panloob na kaaway, na may malalim na motibasyon tulad ng paghihiganti at pagmamahal. Ang mga epiko ay nagsisilbing salamin ng estrukturang panlipunan at mga tunggalian na nananatiling makabuluhan sa kasalukuyan. Pinapakita nito ang kahalagahan ng matibay na pamumuno, pagkakaisa, pananampalataya, at kolektibong pagkilos sa pagharap sa mga hamon ng lipunan. Ang epiko ay hindi lamang pampanitikan kundi mahalagang sanggunian sa pag-unawa sa lipunan at kultura ng Pilipino. Mas nauunawaan kung paano nakaapekto ang kapangyarihan, yaman, at uri ng tao sa kilos at pamumuhay ng mga tauhan sa lipunan.

## Panimula

Ang epiko ay isa sa pinakamatandang anyo ng panitikang Pilipino na nagpapakita ng paniniwala, karanasan, at ugnayan ng mga tao noong unang panahon. Madalas itong tungkol sa mga bayani at kanilang mga tagumpay, ngunit sa likod nito ay makikita rin ang mga isyu tungkol sa mga uring panlipunan. Kaya mahalagang tingnan ang mga epiko hindi lamang bilang kwento ng kabayanihan, kundi bilang salamin ng mga tunggalian at hidwaan sa lipunan. Sa ganitong paraan, malaking tulong ang paggamit ng Marxistang pananaw upang mas maintindihan ang mga panlipunang istruktura na nakatago sa mga epiko, na madalas hindi napapansin sa karaniwang pag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Abdullah A. (2025) na ang mga hidwaan sa pagitan ng mga tauhan ay bunga ng hindi pantay na distribusyon ng kapangyarihan, yaman, at estado sa lipunan. Ayon naman nina Arzaqi at Al-Furqaan (2025), sa kanilang pag-aaral na ang mga sanhi ng panlipunang tunggalian sa nobelang "86" ay kinabibilangan ng korapsyon, diskriminasyon, agwat sa ekonomiya, at sabwatan ng mga nasa kapangyarihan. Binigyang-diin ni David (2025) sa kanyang pag-aaral na ang akda ay sumasalamin sa realidad ng pang-aapi, karahasan, at kawalang-katarungan na nararanasan ng mga mahihirap sa bansa. Ipinapakita rin dito ang matinding tunggalian at ang kahinaan ng sistemang panghustisya sa pagbibigay-proteksyon sa mga nasa laylayan. Ipinangatwiran ni Neupane (2024), na ang tunggaliang ay likas sa anumang lipunan, kung saan karaniwang inaapi ng mayayaman ang mahihirap. Gayunpaman, kadalasang napipigilan ang paglaban ng mga inaapi dahil sa takot. Ipinakita ni Oluwaseyi-Paul (2025) sa kanyang pag-aaral na ang mga nobelang Yoruba ay sumasalamin sa mga tunggaliang dulot ng hindi pagkakapantay-pantay, dominasyon, at pang-aapi. Inilalarawan ng mga akdang ito ang patuloy na pakikibaka ng mga tao para sa kalayaan mula sa pagsasamantala. Natuklasan nina Santoso at Ardine (2025), na ang nobelang "Zamindar's Wife" ay nagpapakita ng tunggalian sa pagitan ng mga panginoong maylupa at ng mga edukadong

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

lumalaban sa pang-aabuso. Binibigyang-diin dito ang kahalagahan ng edukasyon bilang kasangkapan sa pagmulat ng kamalayang panlipunan at paglaban sa pyudal na sistema.

Bagama't maraming pag-aaral ang nagbibigay ng matibay na pundasyon sa pagsusuri ng panitikang Filipino at mga kaugnay na larangan, kapansin-pansin ang kakulangan ng espesipikong pagsusuri na nakatuon sa mga epiko ng Pilipinas gamit ang isang Marxistang pananaw.

Dahil dito, bilang isang guro sa Tangub City Global College sa kursong BSED-Filipino, layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang Tunggalian at Hidwaan sa mga Epiko: Isang Kritikal na Pagsusuri upang mailantad ang iba't ibang uring panlipunan na makikita sa mga epiko ng Pilipinas. Nilalayon din nitong mailarawan at ipakita kung paano nagkakaroon ng tunggalian, kung paano nakaaahon ang mga tauhan mula sa kaapihan at pagsasamantala at paano inilalarawan ang mga pangyayaring may hidwaan sa epiko.

Mga Tanong sa Panaliksik

1. Ano-anong uring panlipunan ang makikita sa mga epiko ng Pilipinas?
2. Paano nagkakaroon ng tunggalian ang iba't ibang uring panlipunan sa mga epiko, at paano nakaaahon ang mga tauhan mula sa kaapihan o pagsasamantala?
3. Paano inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa mga pangunahing tauhan?

Mga Palagay ng Pag-aaral

1. Ipinapalagay na ang mga piling epiko ng Pilipinas ay naglalaman ng malinaw na representasyon ng iba't ibang uring panlipunan tulad ng mga taong mayaman at nasa mababang antas ng pamumuhay.
2. Ipinapalagay na ang mga epiko ay nagsisilbing salamin ng lipunan at nagpapakita ng mgaa isyung panlipunan na may kaugnayan pa rin sa kasalukuyang panahon.

## Metodolohiya

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong desinyo na nakatuon sa kritikal na pagsusuri gamit ang Marxismong dulog. Layunin nitong unawain ang mga uring panlipunan ng piling epiko ng Pilipinas sa pamamagitan ng malalim na pagbasa ng mga teksto. Hindi ito gumagamit ng estadistikal na datos kundi nakatuon sa interpretasyon upang matuklasan ang uring panlipunan, tunggalian at pag-ahon ng mga tauhan, at paglalarawan sa hidwaan ng akda.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik na ito ay ang tekstuwal na pagsusuri ng mga piling sipi mula sa mga babasahin ng kursong Panitikang Rehiyon para sa Unang Taon sa Kolehiyo ng BSEd-Filipino sa Tangub City Global College. Kabilang dito ang epikong Ibalon mula sa Rehiyon V; Biag ni Lam-ang mula sa Rehiyon I; Bantugan, Bidasari, at Indarapatra at Sulayman mula sa BARMM; Hudhud mula sa CAR; Humadapnon, Labaw Donggon, at Maragtas mula sa Rehiyon VI; at Tuwaang mula sa Rehiyon XI. Ang pagsusuring ito ay nakabatay sa mga salin sa Filipino ng mga piling epiko. Dahil dito, kinikilala ng mananaliksik na maaaring may ilang kahulugan, simbolismo, at mas malalim na konteksto mula sa orihinal na wika na nabago o hindi ganap na naipahayag sa proseso ng pagsasalin. Gayunpaman, sinikap ng pag-aaral na mapanatili ang pangunahing diwa at nilalaman ng mga epiko sa isinagawang pagsusuri. Ginamit ang Marxistang pananaw bilang lente upang mas malalim na maunawaan ang uring panlipunan, paano nagsimula ang tunggalian at paano nakaahon ang mga tauhan mula rito, inilalarawan din ang mga pangyayaring may hidwaan. Bukod dito, ginamit din ang mga kaugnay na sanggunian mula sa mga naunang pag-aaral at artikulo upang suportahan at palalimin ang interpretasyon ng mga teksto. Sa ganitong paraan, masisiguro ang mas malawak at mas masusing pag-unawa sa uring panlipunan na ipinapakita sa mga epiko.

*Pangangalap ng Datos*

*Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng maingat na pagpili at pagbasa ng mga piling sipi mula sa mga babasahin sa kursong Panitikang Rehiyon para sa Unang Taon ng BSEd-Filipino. Kabilang sa mga sinuring akda ang mga epikong Ibalon, Biag ni Lam-ang, Bantugan, Bidasari, Indarapatra at Sulayman, Hudhud, Humadapnon, Labaw Donggon, Maragtas, at Tuwaang.*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Pag-aanalisa ng Datos*

*Ang mga nakalap na datos ay inanalisa sa pamamagitan ng tekstuwal na pagsusuri gamit ang Marxistang pananaw bilang gabay sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga nakalap na datos. Isinagawa ang masusing tekstuwal na pagsusuri sa bawat bahagi ng epiko upang matukoy ang mahahalagang linya na may kaugnayan sa uring panlipunan, pinagmulan ng tunggalian, paraan ng pag-ahon ng mga tauhan, at paglalarawan ng mga pangyayari. Iniuugnay rin ang mga ito sa mga tunay na pangyayari sa lipunan upang higit na maipakita ang kabuluhan ng pag-aaral. Bukod dito, nangalap ng karagdagang impormasyon mula sa mga kaugnay na pag-aaral at mga artikulo upang mapalalim at mapagtibay ang pagsusuri.*

## Resulta at Talakayan

Makikita sa bahaging ito ang presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakuha mula sa tekstuwal na pagsusuri ng sampung piling epiko ng Pilipinas. Dito tatalakayin ang iba't ibang uring panlipunan, kung paano nakaahon ang mga tauhan mula sa kaapihan at pagsasamantala, at kung paano inilalarawan ang mga hidwaan sa mga pangunahing tauhan.

1. Ang mga uring panlipunan na makikita sa mga sumusunod na epiko:
    1.1. “Ibalon (Rehiyon V)”;
    1.2. “Biag ni Lam-ang (Rehiyon I)”;
    1.3. “Bantugan (BARMM)”;
    1.4. “Bidasari (BARMM)”;
    1.5. “HUDHUD: Ang kwento ni Aliguyon(CAR)”;
    1.6. “Humadapnon(Rehiyon VI)”;
    1.7. “Indarapatra at Sulayman(BARMM)”;
    1.8. “Labaw Donggon(Rehiyon VI)”;
    1.9. “Maragtas(Rehiyon VI)”;
    1.10. “Tuwaang(Rehiyon XI)”;

| ***Mga Uring Panlipunan na makikita sa mga epiko:*** |
|---|
| A. Ang lipunan ay binubuo ng mga pinuno. |
| B. Ang lipunan ay binubuo ng mga mandirigma. |
| C. Ang lipunan ay binubuo ng mga ordinaryong mamamayan. |
| D. Ang lipunan ay binubuo ng mga makapangyarihang nilalang. |

*Talahanayan 1*

*A. Ang lipunan ay binubuo ng mga pinuno.*

Ito ay mga taong nasa mataas na katayuan na siyang namamahala at gumagabay sa pamayanan. Sila ang may kapangyarihang magtakda ng mga patakaran, magpanatili ng kaayusan, at magbigay direksyon sa kanilang nasasakupan.

Mapapatunayan sa mga piling linya sa mga epiko sa ibaba:

> “Siya ang kinilalang hari ng Ibalon.” E1
> “Sa lambak ng Nalbuan sa baybayin ng Ilog Naguilian sa La Union ay may mag-asawang kilala sa pangalang Don Juan at Namongan.”E2
> “Si Prinsipe Bantugan ay kapatid ni Haring Madali sa kaharian ng Bumbaran.”E3
> “Sa pagtatakbuhan ng mga tao, nagkahiwalay sa pagtakbo ang sultan at sultana ng Kembayat.” E4
> “Mula nang magkaliwanagan ay nanaog sina Humadapnon at Nagmalitong Yawa sa naging pinuno ng mga tao…”E6
> “Si Indarapatra ay ang matapang na hari ng Mantapuli. “E7
> "Ang Borneo noon ay nasa pamumuno ng isang malupit at masamang sultan na si Sultan Makatunao."E9
> “Si Tuwaang ay siyang pinuno ng Kuaman.”E10

Makikita sa mga sipi na ang bawat lipunan sa mga epiko ay may malinaw na pamumuno, maliban sa Hudhud at Labaw Donggon. Ang mga tauhang tulad ng hari, sultan, prinsipe, at pinuno ay hindi lang simbolo ng kapangyarihan kundi sentro ng kaayusan at gabay ng kanilang komunidad. Pinapakita ng mga epiko na ang lipunan ay maayos at pinamumunuan ng mga lider na mahalaga sa pagpapanatili ng kapayapaan, kaayusan, at pag-unlad.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa kasalukuyang panahon, makikita pa rin na ang lipunan ay binubuo ng mga pinuno, bagama't nagbago na ang kanilang anyo at paraan ng pamumuno. Sa halip na mga hari, datu, o sultan, ang mga pinuno ngayon ay mga halal na opisyal tulad ng pangulo, gobernador, alkalde, at iba pang lider ng pamahalaan.

Ayon sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, ang mga lider ng bansa ay pinipili sa pamamagitan ng halalan upang kumatawan at magsilbi sa mamamayan. Ang bansa ay pinamumunuan ng Pangulo. Mayroon ding mga gobernador, kongresista, at alkalde na namamahala sa mga lalawigan at lungsod. Sa barangay naman, ang mga kapitan at konsehal ang nangunguna sa pamamahala.

*B. Ang lipunan ay binubuo ng mga mandirigma.*

Ito ang mga taong nagsisilbing tagapangalaga ng seguridad, kapayapaan, at kaayusan sa lipunan.

> Pinatunayan sa mga piling linya ng epiko:
> "Pinamunuan ni Handiong ang mga lalaki ng Ibalon upang kanilang lipulin ang mga dambuhalang buwaya, mababangis na tamaraw… at mga halimaw na kumakain ng tao."E1
> "Hinugot niya ang mahaba niyang itak at… pinagpapatay niya ang mga nakalaban."E2
> "Nilusob ng mga kawal niya ang Bumbaran… nakilaban ang mga kawal ng Bumbaran."E3
> "Si Aliguyon, isang mandirigmang Ipugaw na mabilis at magaling sa paghawak ng sibat."E5
> "Buong tapang na nakipagsagupa si Humadapnon sa pinuno ng grupo."E6
> "Si Sulayman, isang matapang na kawal."E7
> "Naglaban sila ng maraming taon gamit ang kanilang mga kapangyarihan…"E8
> "Nanaog si Tuwaang at nagharap ang dalawang malakas at makapangyarihang lalaki."E10

Makikita sa mga linyang ito na ang bawat lipunan sa mga epiko ay may mga tauhang mandirigma na handang ipagtanggol ang kanilang pamayanan laban sa panganib at kaaway maliban sa epikong Bidasari at Maragtas. Ang mga mandirigmang tulad nina Handiong, Lam-ang, Bantugan, Aliguyon, Humadapnon, Sulayman, at Tuwaang ay hindi lamang tagapagtanggol kundi nagsisilbing haligi ng kaayusan at seguridad ng kanilang lipunan. Pinatutunayan ng mga epiko na ang lipunan ay pinananatiling ligtas at maayos sa pamamagitan ng katapangan at galing ng mga mandirigmang ito, na siyang nagpapanatili ng kapayapaan at kaunlaran ng kanilang nasasakupan.

Masasalamin din sa tunay na buhay na ang mga nangangalaga sa kaayusan ng ating komunidad sa kasalukuyan ay ang mga sundalo, pulis, at mga lider ng barangay na tumutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad. Ang kanilang katapangan, kasanayan, at dedikasyon ay nagpapatunay na ang isang maayos at ligtas na lipunan ay nakasalalay sa mga taong handang magsakripisyo para sa kapakanan ng nakararami.

Ayon kay Palconit et al. (2025) sa pag-aaral na "Maintaining a Safer Community: Experiences of Public Safety and Security Administrators in Biliran, Philippines," tinalakay kung paano pinamamahalaan ang kaligtasan at seguridad ng publiko sa Biliran Province. Nakapanayam ang mga mananaliksik ng mga opisyal tulad ng pulis, bumbero, at disaster officers. Natuklasan na masipag at responsable ang mga opisyal sa kanilang tungkulin, ngunit may mga hamon tulad ng kakulangan sa kagamitan, hindi pagsunod ng ilan sa mga tao, at mababang tiwala ng publiko. Upang malampasan ito, nagtutulungan ang mga ahensya, pinalalakas ang komunidad, at sinusuportahan ang mga peacekeepers. Nais nilang mas maging handa ang mga kawani, magkaroon ng suporta mula sa publiko, at makakuha ng mas bagong kagamitan. Bagamat maayos ang pamamahala ngayon, kinakailangan pa ng mas maraming tulong at suporta para masigurong ligtas ang lahat sa Biliran.

*C. Ang lipunan ay binubuo ng mga ordinaryong mamamayan*

Ang lipunan ay binubuo ng mga ordinaryong mamamayan kung saan may malaking bahagi sa pamumuhay at kaayusan ng isang komunidad ang mga mamamayan na ito. Sila ang bumubuo sa pang-araw-araw na gawain, nagtatrabaho para sa kabuhayan, at tumutulong sa pagpapanatili ng kaayusan at pag-unlad ng kanilang lipunan.

Mababasa ito sa ilang linya sa epiko:

> "Tinuruan niya ang mga tao ng maayos na pagsasaka."E1
> "Sa tahanan nina Ines ay may maraming tao."E2
> "nagdiwang ang buong kaharian"E3
> "…mabilis na nagtatakbuhan ang mga tao upang magtago sa mga yungib."E4
> "Sa kani-kanilang nayon, tinuruan nina Aliguyon at Dinoyagan ang mga tao tungkol sa marangal na pamumuhay,..."E5
> "..sina Humadapnon at Nagmalitong Yawa sa naging pinuno ng mga tao sa Sulod ng Panay."E6
> "…sa yungib na pinagtataguan ng lahat ng tao sa pook na iyon."E7

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

"Inimbita niya ang buong bayan sa kanilang kasal."E8
"Muling nagpulong ang mga Ati at mga Bisaya sa Embidayan."E9
"…halos hinimatay ang mga tao sa laki ng paghanga sa binata ng Kuaman."E10

Ang mga linyang tumutukoy sa mga tao, buong kaharian, bayan, at iba pang pangkat ay nagpapakita na may malaking papel ang ordinaryong mamamayan sa pang-araw-araw na buhay ng komunidad mula sa pagsasaka, pakikilahok sa mga gawain, at hanggang sa pagharap sa mga panganib. May iba rin sa kanila na umaasa lang sa kanilang pinuno upang mabuhay. Sila ang nakikinabang sa kapayapaan, at nakikibahagi sa pag-unlad ng lipunan.

Sa tunay na buhay, ang lipunan ay nakasalalay sa mga ordinaryong mamamayan. Sila ang nagtatrabaho, nagtutulungan, at nagpapanatili ng kaayusan sa komunidad. Kahit may mga pinuno, hindi uunlad ang lipunan kung wala ang aktibong partisipasyon ng mga mamamayan. Gayunpaman, may mga pagkakataon din na may ilan sa mga tao na umaasa lamang sa mga ayuda ng gobyerno upang mabuhay, isa na rito ang program na 4P's ng gobyerno na tulad din sa mga epiko na ang ordinaryong mamamayan ay umaasa lang din sa kanilang pinuno upang magtagumpay sa buhay.

Ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ay inilunsad noong 2008 at naging opisyal sa ilalim ng Republic Act No. 11310 noong 2019. Ito ay isang programa ng pamahalaan na nagbibigay ng tulong pinansyal sa mahihirap na pamilya hanggang pitong taon upang mapabuti ang kalusugan, nutrisyon, at edukasyon. Sa ganitong sitwasyon, makikita na tulad sa mga epiko, may mga taong umaasa sa tulong ng iba upang magtagumpay sa buhay.

d. Ang lipunan ay binubuo ng mga makapangyarihang nilalang.
Ito ay tumutukoy sa kinabibilangan ng mga tao na may natatanging kapangyarihan o kakayahan na hindi pangkaraniwan. Tinatawag itong supernatural o espiritwal.

Makikita ito sa mga sumusunod na linya ng epiko:

"…sa isang engkantadang nakapag-aanyong magandang dalaga na may matamis na tinig."E1
"Subalit may isang halimaw na namang sumipot. Ito ay kalahating tao at kalahating hayop"E1
"..ang isang mahiwagang tandang, ang tangabaran, at mahiwagang aso. Sa tulong ng kanyang talisman ay madali niyang nalakbay ang mga kabundukan at kaparangan."E2
"Dali-dali siyang lumipad patungo sa langit upang bawiin ang kaluluwa ni Bantugan."E3
"Ibinalik ang kaluluwa sa katawan ni Bantugan. Nabuhay na muli si Bantugan."E3
"…manalangin sa Bathala ng mga mandirigmang ito at matutuhan ang mga makapangyarihang salita sa inusal ng mga pari noong unang panahon."E4
"Matagal pa sana siyang aalis sa lugar na iyon ngunit muli na naman siyang tinulungan ng kanyang kaibigang di niya nakikita, na nagngangalang Saragudon."E5
"Winisikan niya ng tubig ang bangkay at muling nabuhay si Sulayman."E6
"Mas malakas ang kapangyarihan ni Saragnayan kaysa kay Labaw."E7
"Kinain nila ang puso nito na siyang buhay ni Saragnayan."E8
"Nang sasayad na ang katawan, ang bato ay naging alabok."E10
"Ang patung ay bumuga ng apoy. Inunat ni Tuwaang ang kamay at namatay ang apoy."E10

Mababasa sa mga piling linya ng epiko na may mga nilalang na may taglay na kapangyarihan, maliban sa epikong Maragtas. Ang mga kapangyarihang ito ay nakatutulong sa kanila upang magtagumpay sa kanilang pakikibaka, mapanatili ang kaayusan sa lipunan, at mailigtas ang mga tao mula sa panganib. Makikita rin na maging ang kanilang mga kalaban ay may taglay ding kapangyarihan. Ipinapakita nito na ang sinaunang lipunan ay naniniwala sa mga kapangyarihang espiritwal, kung saan ang mga bayani at tauhan ay hindi lamang ordinaryong tao kundi may kakayahang higit sa karaniwan.

Sa tunay na buhay, wala ng literal na taong may kakaibang kapangyarihan, makikita pa rin natin ang katumbas nito sa paniniwala ng mga tao sa kapangyarihan ng panalangin sa Poong Maykapal. May mga taong naniniwala sa tulong ng kanilang patron na santo, o espiritu ng kalikasan sa panahon ng sakuna. Pinapahalagahan din nila ang payo ng mga espiritwal na lider bilang gabay sa tamang desisyon. Sa ganitong paraan, ang paniniwala at espiritwalidad ay nagsisilbing mahiwagang kapangyarihan na nagbibigay lakas, pag-asa, at gabay sa tao upang malampasan ang mga hamon sa buhay.

Ayon kay Storr et al. (2025), sa kanilang pag-aaral na "Calling on and Thanking God: The Role of Faith and Faith Communities in Disaster Recovery," ang pananampalataya at mga komunidad ng pananampalataya ay may mahalagang papel sa pagbangon ng mga tao matapos ang sakuna dahil nagbibigay ito ng pag-asa, lakas ng loob, at suporta sa isa't isa. Ipinapakita rin na ang paniniwala sa Diyos ay nagsisilbing gabay upang maunawaan ng tao ang kanilang pinagdadaanan at magkaroon ng positibong pananaw sa pagbangon.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

2. *Tunggalian ng Iba't Ibang Uring Panlipunan sa mga Epiko at ang Pag-ahon ng mga Tauhan mula sa Kaapihan o Pagsasamantala.*

| Tunggalian ng Iba't Ibang Uring Panlipunan sa mga Epiko at ang Pag-ahon ng mga Tauhan mula sa Kaapihan o Pagsasamantala | |
|---|---|
| A. | Ang tunggalian ay nagmula sa hindi pantay na ugnayan ng makapangyarihan at mahihinang uri sa lipunan, nakaahon ang mga tauhan sa pamamagitan ng matapang na pakikibaka ng mga inaapi. |
| B. | Ang tunggalian ay nag-ugat sa pang-aapi ng makapangyarihang pinuno laban sa mga nasasakupan, nakaahon sa pamamagitan ng sakripisyo at paglaban para sa kalayaan. |
| C. | Ang tunggalian ay nagmula sa alitan at inggit sa pagitan ng mga nasa mataas na katayuan sa lipunan, naresolba ito sa tulong ng tagapagligtas. |

*Talahanayan 2*

*a. Ang tunggalian ay nagmula sa hindi pantay na ugnayan ng makapangyarihan at mahihinang uri sa lipunan, nakaahon ang mga tauhan sa pamamagitan ng matapang na pakikibaka ng mga inaapi.*

Ang tunggalian ay nangyayari dahil sa hindi pantay na kalagayan ng mga tao sa lipunan kung saan ang makapangyarihan ay umaapi sa mahihina, at ang mga inaapi ay nakakaahon sa pamamagitan ng matapang na paglaban para sa kanilang karapatan at kalayaan.

Mapapatunayan ito sa sumusunod na linya ng epiko:

> "Pinamunuan ni Handiong ang mga lalaki ng Ibalon upang kanilang lipulin ang mga dambuhalang buwaya, mababangis na tamaraw at lumilipad na mga pating at mga halimaw na kumakain ng tao."E1
> "Nalaman ni Bantong na sa araw ay tulog na tulog si Rabut. Kaniya itong pinatay habang natutulog." E1
> "…dito'y nakasagupa niya ang isang hayop na may walong ulo. At nagapi niya ang hayop."E6
> "Inutusan ni Indarapatra si Sulayman upang puksain ang mga ibon at hayop na namiminsala sa mga tao. E7
> "Nanaog si Tuwaang at nagharap ang dalawang malakas at makapangyarihang lalaki. Ginamit ni Tuwaang ang kanyang kampilan. Sa lakas ng pagtatagaan ay naputol ito. Itinapon ni Tuwaang ang puluhan nito at kaagad na tumulong ang punong malivutu."E10

Mapapatunayan ito sa mga linya ng epiko na nagpapakita ng pakikipaglaban ng mga bayani laban sa mga mapaminsalang nilalang na sumisira sa pamumuhay ng mga tao. Sa pamamagitan ng kanilang matapang na pakikibaka napagtagumpayan nila ang anumang pagsubok na dumating sa kanilang buhay.

Sa tunay na buhay, ang isang komunidad ay nahaharap sa mga banta o panganib mula sa iba't ibang uri ng sakuna. Ngunit, maraming komunidad ang nagsasagawa ng sama-samang pagkilos, pagtutulungan, at pagharap sa mga panganib upang mailigtas ang buhay at ari-arian. Sa mga pagkakataong may sakuna, ang mga mamamayan at awtoridad ay nagtutulungan upang maibalik ang kapayapaan at seguridad.

Ayon kay Yazawa et al. (2025) sa pag-aaral na "Republic Act No. 10121 Promotes Community Resilience in Remote Barangay of the Philippines by Supporting Flood Adaptation Strategies," mahalaga ang Republic Act 10121 o ang Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010 sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga barangay sa Pilipinas na harapin ang mga sakuna. Binibigyang-diin ng batas na ito ang mga inisyatibong pang-barangay at ang tamang paggamit ng pondo para sa kalamidad. Ipinapakita ng pananaliksik na ito ang kahalagahan ng RA10121 sa pagtulong sa katatagan ng komunidad at nagbibigay ng mga mungkahi kung paano pa mapapabuti ang mga polisiya upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga rural na lugar sa Pilipinas.

*b. Ang tunggalian ay nag-ugat sa pang-aapi ng makapangyarihang pinuno laban sa mga nasasakupan, nakaaahon sa pamamagitan ng sakripisyo at paglaban para sa kalayaan.*

Ang tunggalian ay nagmumula sa hindi makatarungang pamumuno kung saan ang makapangyarihang pinuno ay umaapi sa kanyang mga nasasakupan, at ang mga inaapi ay nakakaahon sa pamamagitan ng matinding sakripisyo, pakikibaka, at paglaban upang makamit ang kalayaan at katarungan.

Makikita ito sa mga piling linya ng mga epiko:

> "Ang tinig niyang naghahamon ay narinig ng marami kaya't dumating ang maraming Igorot at pinaulanan si Lam-ang ng kanilang mga sibat. Hindi man lamang nasugatan si Lam-ang. Nang maubusan ng sibat ang mga Igorot ay

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

> si Lam-ang naman ang kumilos. Hinugot niya ang mahaba niyang itak at para lamang siyang tumatabas ng puno ng saging, na pinagpapatay niya ang mga nakalaban."E1
> "Nagpulong nang palihim ang sampung datu. Silang tatakas sa Borneo. Palihim silang naghanda ng sampung malalaking bangka, na ang tawag ay biniday o barangay. Naghanda sila ng maraming pagkain na kakailanganin nila sa malayong paglalakbay."E9

Makikita rito na ang tunggalian ay hindi lamang simpleng labanan; ito ay nag-ugat sa hindi makatarungang pagtrato, o pang-aabuso ng isang indibidwal sa iba. Ang mga tauhang inaapi ay napipilitang kumilos upang ipagtanggol ang kanilang karapatan at magsakripisyo upang makamit ang kalayaan.

Sa tunay na buhay, may mga tao na nakararanas ng hindi makatarungang pagtrato at napipilitang lumaban para sa kanilang karapatan. Tulad ng sa larangan ng paggawa, may mga manggagawa na inaabuso, mababa ang sahod, mahaba ang oras ng trabaho, at kulang sa benepisyo kaya sila ay nagsasagawa ng welga o protesta upang ipaglaban ang makatarungang kondisyon.

Ayon kay Maglunsod (2025) sa pag-aaral na "Exploring Rights Issues of Delivery Riders in Davao City," ipinakita na ang mga delivery riders sa Davao City ay may mahahalagang tungkulin lalo na noong panahon ng pandemya, ngunit nahaharap sila sa mga problemang pangtrabaho tulad ng maling klasipikasyon bilang "independent contractors." Dahil dito, marami sa kanila ang walang access sa mga benepisyo tulad ng social security, insurance, at iba pang karapatan sa paggawa. Natuklasan din sa pag-aaral na nagtatrabaho sila ng mahabang oras, may hindi tiyak na kita, at nahaharap sa panganib sa kanilang trabaho nang walang sapat na proteksyon.

*c. Ang tunggalian ay nagmula sa alitan at inggit sa pagitan ng mga nasa mataas na katayuan sa lipunan, naresolba ito sa tulong ng tagapagligtas.*

Ito ay tumutukoy sa uri ng labanan o alitan na nag-ugat sa inggit, selos, o personal na alitan sa pagitan ng mga tauhan. Sa kabila ng panganib o pagkalugmok, ang mga tauhan ay nakaligtas o nakaahon sa sitwasyon dahil sa tulong ng isang tagapagligtas o kakampi, na nagbigay ng proteksyon, lakas, o gabay upang malampasan ang suliranin.

Makikita sa mga linya sa epiko sa ibaba:

> "Dahil sa pangyayaring ito, si Haring Madali ay naiinggit sa kapatid."E3
> "dumating din si Prinsesa Datimbang na dala naman ang bangkay ni Bantugan. Ibinalik ang kaluluwa sa katawan ni Bantugan. Nabuhay na muli si Bantugan."E3
> "…siya ay higit na maganda kaysa kay Lila Sari. si Bidasari ay lihim na ikinulong ni Lila Sari sa isang silid at doon pinarurusahan."E4
> "Nakausap siya ni Sultan Mongindra. Ipinagtapat si Bidasari ang mga ginawa ni Lila Sari. Galit na galit ang sultan. Iniwan niya si Lila Sari sa palasyo at agad niyang pinakasalan si Bidasari."E4
> "Patayin mo muna ako bago mo makuha ang aking asawa, sabi ni Buyung Saragnayan sa kanya."E8
> "Ang dalawang magkapatid ay nagtagumpay sa pagpapalaya sa kanilang ama na napakatanda na at ang kanyang katawan ay nababalutan na ng mahabang buhok."E8

Ang mga linya sa mga epikong ito ay nagpapakita na ang tunggalian ay kadalasang nagsisimula sa inggit o selos. Ang tagumpay o kaligtasan ng pangunahing tauhan ay nakasalalay sa tulong ng isang tagapagligtas na nagbibigay ng proteksyon, lakas, o gabay upang malampasan ang suliranin.

Sa totoong buhay, makikita rin ang ganitong sitwasyon sa pamahalaan, kung saan ang inggit o selos sa pagitan ng mga manggagawa ay nagiging sanhi ng paggawa ng masasamang hakbang upang maisakatuparan ang kanilang pansariling layunin.

Ayon kina Rescalvo-Martin et al. (2025) sa pag-aaral na "Effects of Envy on Frontline Extra-Role Service Behaviors: The Role of Employee Resilience," ang inggit sa loob ng isang organisasyon ay may kakayahang magdulot ng parehong positibo at negatibong pag-uugali sa mga empleyado. Ipinakita sa kanilang pananaliksik na ang inggit ay maaaring humantong sa pagkatuto sa pagmamasid (observational learning) o sa paninira sa kapwa (social undermining), na kapwa nakaaapekto sa pagganap sa trabaho.

*3. Paglalarawan sa mga Pangyayaring may Hidwaan at Awayan ng mga Pangunahing Tauhan*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

| Paglalarawan sa mga Pangyayaring may Hidwaan at Awayan ng mga Pangunahing Tauhan |
|---|
| A. Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga halimaw o kaaway na sumisira sa kaayusan ng lipunan. |
| B. Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng alitan sa pagitan ng magkaibang panig na may magkasalungat na interes. |
| C. Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng personal na motibo tulad ng paghihiganti para sa minamahal o pamilya. |

*Talahanayan 3*

a. *Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga halimaw o kaaway na sumisira sa kaayusan ng lipunan.*

Ang hidwaan ng pangunahing tauhan ay ipinapakita sa pamamagitan ng pakikipaglaban niya sa mga halimaw o kaaway na nagdudulot ng gulo sa lipunan.

Makikita ito sa mga ilang linya ng epiko:

> "Si Baltog ay nakarating sa lupain ng Ibalon dahil sa pagtugis niya sa isang malaking baboy-ramo."E1
> "Mula sa ilog na ito ay nadako siya sa ilalim ng lupa at dito'y nakasagupa niya ang isang hayop na may walong ulo"E6
> "Inutusan ni Indarapatra si Sulayman upang puksain ang mga ibon at hayop na namiminsala sa mga tao." E7
> "Nanaog si Tuwaang at nagharap ang dalawang malakas at makapangyarihang lalaki"E10

Ang pangyayaring may hidwaan ng pangunahing tauhan sa mga epiko ay karaniwang inilalarawan sa pamamagitan ng kanilang pakikipaglaban sa mga halimaw o makapangyarihang kaaway na sumisira sa kaayusan ng lipunan. Makikita ito sa mga linyang tulad ng pagtugis ni Baltog sa isang malaking baboy-ramo, ang pakikipagsagupa sa hayop na may walong ulo, ang utos kay Sulayman na puksain ang mga mapaminsalang nilalang, at ang paghaharap ni Tuwaang sa kapwa makapangyarihang mandirigma.

Sa totoong pangyayari sa lipunan, maihalintulad din ito sa mga lider, kawani ng pamahalaan, o maging sa karaniwang mamamayan na lumalaban upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan. Ang mga tao sa lipunan ay nagsisikap ding harapin at solusyonan ang mga problemang ito upang maprotektahan ang kapakanan ng nakararami.

Ayon kina Dino et al. (2023) sa pag-aaral na "Uncovering the Unsung Hero of Sulu: Panglima Sayyadi's Character Archetypes in Kissa," ang isang bayani ay inilalarawan bilang mandirigma, lider, at tagapagtanggol ng kanyang paniniwala at komunidad. Ipinakita sa pag-aaral na si Panglima Sayyadi ay nagtataglay ng katapangan at dedikasyon sa paglaban sa mga mananakop upang mapanatili ang kaayusan at kalayaan ng kanyang nasasakupan.

b. *Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng alitan sa pagitan ng magkaibang panig na may magkasalungat na interes.*

Ito ay tumutukoy sa isang pangyayari kung saan ang pangunahing tauhan ay napasok sa labanan o sigalot na nagmumula sa banggaan ng mga grupo, pamilya, o panig na hindi nagkakasundo dahil sa magkaibang paniniwala, layunin, o interes.

Makikita sa mga linya ng epiko:

> *"Talagang inihanda ng ama si Aliguyon upang maipaghiganti siya ng anak sa matagal na niyang kaaway, kay Pangaiwan ng kabilang nayon."E5*
> *"Nalaman ni Datu Paiborong ang tangka ni Sultan Makatunao. Nagbalak ang magigiting na datu na manlaban kay Sultan Makatunao."E9*
> *"Nagpulong nang palihim ang sampung datu. Sila'y tatakas sa Borneo."E9*

Ang mga linya sa epiko ay nagpapakita na ang hidwaan, hindi lamang simpleng personal na alitan ng pangunahing tauhan, kundi isang mas malawak na tunggalian na kinasasangkutan ng iba't ibang grupo o panig. Ang mga grupong ito ay may kanya-kanyang layunin at interes na hindi nagkakatugma, kaya nagiging sanhi ito ng sigalot o labanan.

Sa tunay na buhay, lalo na sa isang grupo, makikita ang ganitong uri ng hidwaan kung saan dahil sa pagkakaiba-iba ng pananaw o interes ng bawat isa kaya ito ang nagiging ugat ng alitan. Mayroon ding mga pagkakataon na ang dating maliit

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

na hindi pagkakaunawaan ay tumatagal at lumalala, hanggang sa ito ay maging malaking hidwaan na naaapektuhan ang buong komunidad. Dahil dito, nasisira ang pagkakaisa, nagkakaroon ng kampihan, at nababawasan ang pagtutulungan ng mga tao.

Ayon kay Chen et al. (2025) sa pag-aaral na *"Nodality Dynamics and Network Evolution in Multi-Actor Cooperation: Insights Into Community Conflict Resolution,"* ang mga hidwaan sa komunidad ay kadalasang nagsisimula sa maliliit na isyu tulad ng alitan sa pamilya, kapitbahay, trabaho, o likas na yaman, ngunit maaaring lumala at humantong sa mas seryosong suliranin kung hindi agad naaayos. Ipinapakita rin sa kanilang pag-aaral na ang mga ganitong hidwaan ay bunga ng masalimuot na ugnayan ng mga indibidwal at grupo, at nagbabago ang paraan ng pagtugon dito mula sa iisang sentrong pamumuno tungo sa sama-samang pagkilos ng iba't ibang sektor ng komunidad.

*c. Inilarawan ang pangyayaring may hidwaan o awayan sa pangunahing tauhan sa pamamagitan ng personal na motibo para sa minamahal o pamilya.*

Ito ay nagsasaad na ang pangunahing tauhan ay nasasangkot sa hidwaan dahil sa kanyang tungkulin at pagnanais na protektahan ang kanyang pamilya o minamahal.

Mapapatunayan ito sa mga piling linya ng epiko:

> *"Hinamon ni Lam-ang ang mga Igorot upang ipagtanggol ang kanyang bayan at pamilya mula sa panganib."E2*
> *"Handang ialay ni Bantugan ang kanyang buhay upang maprotektahan ang kanyang pamilya at ang mga nasasakupan."E3*
> *"Talagang inihanda ng ama si Aliguyon upang maipaghiganti siya ng anak sa matagal na niyang kaaway, kay Pangaiwan ng kabilang nayon."E5*
> *"Patayin mo muna ako bago mo makuha ang aking asawa,"E8*
> *"Nagbalak ang magiging na datu na manlaban kay Sultan Makatunao upang mailigtas ang kanilang mga kababayan at pamilya."E9*

Ang hidwaan ay hindi lamang nagmumula sa malalaking isyung panlipunan, kundi nakaugat din sa malalim na damdamin ng tauhan. Ang kanyang pakikipaglaban ay may personal na dahilan tulad ng pagtatanggol sa pamilya, paghihiganti para sa mahal sa buhay, o pagprotekta sa minamahal. Dahil dito, nagiging higit na makabuluhan at masidhing emosyon ang kanyang pinapakitang kilos.

Mayroon ding mga pagkakataon sa totoong buhay na ang isang tao ay napupukaw ang matinding damdamin upang ipaglaban ang katarungan para sa pamilyang nasaktan o naapektuhan, lalo na kung sila ay naging biktima ng hindi makatarungang gawain, pang-aabuso, o kawalan ng hustisya. Sa ganitong mga sitwasyon, nagiging mas malalim ang dahilan ng kanilang pagkilos dahil hindi lamang ito simpleng reaksyon, kundi bunga ng matinding pagmamahal at pagnanais na mabigyan ng katarungan ang kanilang mahal sa buhay.

Ayon kay El-Enany (2022) sa pag-aaral na *"From Love to Justice: Families' Interrogation of Racial State Violence,"* ang pagnanais ng mga pamilya na makamit ang katarungan ay nag-uugat sa malalim na damdamin ng pagmamahal, pagdadalamhati, at ugnayan sa pamilya. Ipinapakita sa kanyang pananaliksik na sa mga kaso ng pagkamatay sa kustodiya ng pulisya, ang mga pamilya lalo na ang kababaihan ang madalas nangunguna sa paghingi ng paliwanag, pananagutan, at hustisya mula sa estado.

## Konklusyon at Implikasyon

Batay sa mga natuklasan, makikita na ang mga epiko ay naglalarawan ng isang lipunang may malinaw na estruktura ng uring panlipunan, kung saan ang mga pinuno, mandirigma, ordinaryong mamamayan, at mga makapangyarihang nilalang na may supernatural na kakayahan ay may kanya-kanyang mahalagang papel sa pagpapanatili ng kaayusan at seguridad ng komunidad. Ang tunggalian sa mga epiko ay nagpapakita ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, kung saan ang mga inaaping tauhan ay nagsusumikap na makalaya mula sa pagsasamantala at pang-aapi sa pamamagitan ng tapang, sakripisyo, at pagtutulungan. Ang mga hidwaan at awayan ng pangunahing tauhan ay sumasalamin sa malawakang pakikibaka laban sa kaguluhan, personal na motibo, at mga panlipunang alitan na nagbubunsod ng mga aksyon para sa katarungan, kalayaan, at kapakanan ng komunidad. Sa kabuuan, ang mga epiko ay isang salamin ng mga iba't ibang uring panlipunan na nagpapahayag ng pagpapahalagang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pamumuno, katapangan, pagkakaisa, at paniniwala sa kapangyarihang espiritwal sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

Batay sa pag-aaral, ipinapakita na ang mga epiko ng Pilipinas ay hindi lamang mga akdang pampanitikan kundi nagsisilbing salamin ng estrukturang panlipunan at mga isyung umiiral sa lipunan. Ipinahihiwatig nito na mahalagang gamitin ang epiko

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

bilang kasangkapan sa pagtuturo upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsusuri ng mga tunggalian na nag-uugat sa hindi pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan at uri. Ipinapakita rin ng pag-aaral na epektibong gamitin ang Marxistang pananaw sa pag-unawa sa panitikan dahil nailalantad nito ang mga ugnayan ng kapangyarihan, pang-aapi, at pakikibaka ng mga tauhan. Higit pa rito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga pagpapahalagang tulad ng katapangan, pagkakaisa, sakripisyo, at pananampalataya sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Sa kabuuan, ipinahihiwatig na ang panitikan, partikular ang epiko, ay maaaring magsilbing makabuluhang daluyan sa pag-unawa at pagharap sa mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan.

## Pasasalamat

Lubos ang aking pasasalamat sa lahat ng mga taong naging bahagi ng pagbuo at pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Una sa lahat, taos-puso akong nagpapasalamat sa aking tagapayo at guro sa asignaturang ito, Dr. Regina Cuizon na walang sawang nagbigay ng gabay, kaalaman, at suporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Ang kaniyang mga payo at puna ay naging mahalagang gabay sa bawat hakbang ng pananaliksik.

Nagpapasalamat din ako sa aking pamilya at mga kaibigan sa kanilang pag-unawa, suporta, at pagmamahal na naging lakas ko sa pagharap sa mga hamon ng pananaliksik.

Higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa Poong Maykapal sa walang hanggang biyaya at gabay na nagbigay-lakas at karunungan upang matapos ang pananaliksik na ito.

Nawa'y maging ambag ang pag-aaral na ito sa pagpapalawak ng kaalaman at mas mapalalim ang pag-unawa sa panitikang Pilipino at sa mga panlipunang isyung nakapaloob dito.

## Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda.

## Mga Sanggunian

Abdullah, A. (2025). *Social class representation in Emily Brontë's Wuthering Heights: A Marxist descriptive analysis*. DEIKTIS: Jurnal Pendidikan Bahasa dan Sastra. https://doi.org/10.53769/deiktis.v5i4.2696

Arzaqi, A., & Al-Furqaan, D. (2025). *Causes of social conflict in Okky Madasari's novel 86 based on the perspective of Marxist literary sociology*. Diglosia: Jurnal Kajian Bahasa, Sastra, dan Pengajarannya. https://doi.org/10.30872/diglosia.v8i1.1118

Chen, Yang, et al. "Nodality Dynamics and Network Evolution in Multi-Actor Cooperation: Insights Into Community Conflict Resolution." *Public Administration*, 2025. https://doi.org/10.1111/padm.70005.

David, P. M. (2025). *Pantay na karapatan para kanino: Sipa't suri sa akdang "Tata Selo" ni Rogelio R. Sicat*. International Journal of Research, 14(9), 177–191. https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25110

Dino, Nelson, et al. "Uncovering the Unsung Hero of Sulu: Panglima Sayyadi's Character Archetypes in Kissa." *Southeastern Philippines Journal of Research and Development*, 2023. https://doi.org/10.53899/spjrd.v28i1.248.

El-Enany, Nadine. "From Love to Justice: Families' Interrogation of Racial State Violence." *Social & Legal Studies*, vol. 32, 2022, pp. 55–74. https://doi.org/10.1177/09646639221094149.

Maglunsod, Glades Jane. "Exploring Rights Issues of Delivery Riders in Davao City." *Social Science Lens: A World Journal of Human Dynamics and Social Relations*, 2025. https://doi.org/10.62718/vmca.ssl-wjhdsr.4.1.sc-0225-008.

Neupane, D. (2024). *The dialectics of class struggle in Marquez's "One of These Days" and the biblical parable "Ahab and Naboth"*. Cognition. https://doi.org/10.3126/cognition.v6i1.64433

Oluwaseyi-Paul, A. (2025). *Oppression, domination and conflict: The Yorùbá novel example*. International Journal of Current Research in the Humanities. https://doi.org/10.4314/ijcrh.v28i1.14

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Palconit, Daiselyn, et al. "Maintaining a Safer Community: Experiences of Public Safety and Security Administrators in Biliran, Philippines." *Social Science Lens: A World Journal of Human Dynamics and Social Relations*, 2025. https://doi.org/10.62718/vmca.ssl-wjhdsr.4.1.sc-0125-024.

Rescalvo-Martin, Elisa, et al. "Effects of Envy on Frontline Extra-Role Service Behaviors: The Role of Employee Resilience." *The International Journal of Human Resource Management*, vol. 36, 2025, pp. 1561–1591. https://doi.org/10.1080/09585192.2025.2521064.

Santoso, D., & Ardine, A. (2025). *Class conflict analysis in Qaisra Shahraz's Zamindar's Wife: A Marxist perspective*. ELite Journal: International Journal of Education, Language and Literature. https://doi.org/10.26740/elitejournal.v5n3.p33-44

Storr, V., et al. "Calling on and Thanking God: The Role of Faith and Faith Communities in Disaster Recovery." *Disasters*, vol. 49, 2025. https://doi.org/10.1111/disa.70003.

Yazawa, Taishi, et al. "Republic Act No. 10121 Promotes Community Resilience in Remote Barangay of the Philippines by Supporting Flood Adaptation Strategies." *International Journal for Multidisciplinary Research*, 2025. https://doi.org/10.36948/ijfmr.2025.v07i04.54365.

"Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)." *Department of Social Welfare and Development*, https://car.dswd.gov.ph/programs-services/core-programs/pantawid-pamilyang-pilipino-program-4ps/.

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*